

Now That I Found
You

PROLOGUE

“My decision is final. Pakakasalan mo si Walter Dominguez.” Makapangyarihan ang tinig na iyon ni Jose Laurenciano habang nakaupo sa kabisera ng dining table sa malaking bahay ng pamilya.

Sa kabilang dulo ng mesa ay nakapuwesto ang asawa nitong si Cecilia, at sa gitnang bahagi ay naroon ang nag-iisang anak nito na si Kyla.

“But I just met him recently,” tumututol ang kaloobang sabi ng huli. “I don’t even know his family that much, Papa.”

“Nag-usap na kami ng mga Dominguez. Wala ka nang dapat malaman tungkol sa pamilya nila dahil kilalang-kilala na sila, hija. They’re rich and prominent. Kapag si Walter ang pinakasalan mo, matutulungan ako ng mga Dominguez sa kandidatura ko. Who knows, baka maging presidente ako ng Pilipinas sa hinaharap.”

“Ginagamit n’yo ako para sa kandidatura n’yo.” Pumiyok ang tinig niya.

“Mahal ka ni Walter,” kumbinsi ng ginoo. “Tinamaan iyon nang husto sa ’yo sa unang pagkikita

n'yo pa lang, Kyla. I'm sure na magiging mabuting asawa siya. Pagkatapos ng kasal ay saka mo na lang siya kilalanin nang husto.”

“I can't believe you're doing this,” mangiyak-ngiyak na sagot niya. “Ni hindi ko pa nakikilala ang pamilya niya para itakda n'yo ang kasal namin. Wala akong ibang alam kay Walter Dominguez kundi ang pagiging mayaman niya.”

“Dahil ayaw mo siyang bigyan ng pagkakataon na ipakilala niya ang sarili sa 'yo,” anito. “Pag pumupunta siya dito, mas gusto mo pang magkulong sa kuwarto mo kaysa harapin siya.”

“Dahil alam kong may plano na naman kayo para sa amin!” napalakas ang tinig na saad ni Kyla. “Pagkatapos n'yo akong ipagkasundo kay Jake Samaniego, ngayon naman, kay Walter.”

“Si Walter ang bagay sa 'yo, hija, at hindi ang kung sino pang lalaki.”

“Ni isa sa mga lalaking inilapit n'yo sa akin ay wala akong nagustuhan!”

“Mapag-aaralan mo ring mahalín si Walter,” mariing giit ng ama. “Kung ano man ang mga ginagawa kong ito, it's for your own good.”

Now That I Found You - Niña Cancila

“No, Papa, it’s for your own good.” Pagkasabi niyon ay tumayo si Kyla at mabilis na iniwan ang komedor.

Napakagat-labi na lang si Cecilia, pero wala namang masabi habang hinahabol ng tingin ang anak.

1

Isang buwan na ang nakakaraan simula nang sabihin ng ama kay Kyla na pakakasalan niya si Walter Dominguez. Hindi mapakaling palakad-lakad siya sa kuwarto niya nang gabing iyon. Walang nabago sa plano nito at bukas nga ng hapon ay araw na ng kasal niya kay Walter.

I can't marry Walter! Sinulyapan niya ang nakaimpakeng mga damit sa travelling bags. *Hindi ako magpapauto kay Papa. Kailangang makaalis ako sa bahay na ito!*

Saka lamang natutok ang kanyang paningin sa bridal gown sa couch. Napakaganda niyon, gawa ng isang mahusay na fashion designer. Nakakapanghinayang na hindi iyon magagamit. Sana ay magiging wedding of the year ang kasal nila ni Walter sa *Manila Cathedral*.

Sumilip siya sa bintana. Pakalat-kalat pa ang mga security guards at bodyguards ng ama, palibhasa ay alas siete pa lamang ng gabi. Hindi siya basta-bastang makakatakas sa mga ito.

Minabuti niyang tawagan muna si Amanda, ang

kanyang best friend at maid of honor sana sa kasal nila ni Walter.

“Kyla!” anito nang mabosesan siya. “Thank God you remembered to call me. Wala akong mapagsabihan ng sobrang excitement ko. First time kong maging maid of honor, pero ang feeling ko ay ako na ang ikakasal!”

“Listen, Amanda,” seryosong saad niya, “I need your help right now. Gusto kong tumakas dahil ayokong matuloy ang kasal namin ni Walter.”

“What!” Halos mabingi siya sa lakas ng boses ng kaibigan. “Ano na naman ba’ng problema mo at biglang-bigla, umuurong ka sa kasal?”

“You knew from the start na ayoko kay Walter! Isang gabi ang pinalipas ko ’coz I thought I could change my mind at paggising ko ay nakahanda na akong magpakasal sa kanya. But now, I’m so scared. Hindi ko alam kung anong buhay ang naghihintay sa akin sa piling ng lalaking hindi ko mahal. Before it’s too late, I must run away!”

“Pinaiiral mo na naman ang pagka-immature mo. Hindi mo na sana hinintay na umabot sa ganito ang lahat kung talagang ayaw mo. Besides, hanggang ngayon ba naman hindi mo pa nari-realize

na napakapalad mo kay Walter, Kyla? Guwapo siya, mayaman, gentleman at mabait. I'm sure na magiging maligaya ka sa piling niya."

"Si Papa lang ang may gusto sa kanya para sa akin. At matagal kong pinag-isipan ang bagay na ito. I can't marry Walter."

"Pangalawang beses mo nang gagawin ang bagay na ito," paalala nito. "Una, hindi mo sinipot si Jake Samaniego sa araw ng kasal ninyo, at ngayon, tatakasan mo si Walter Dominguez. Hindi ka ba nakokonsyensya sa gagawin mo?"

"I won't do this if I love the guy," napabuntong-hiningang sagot ni Kyla. Maganda siya, matangkad, mestiza at malakas ang sex appeal. Ang mama niya ay isang businesswoman at ang papa naman ay isang congressman.

"Pero mabait naman si Walter. Kung ako lang ang inalok niya ng kasal, I won't think twice, Kyla."

"Then, tell him to marry you."

"God, you're one stubborn woman! Kaya hindi kayo nagkakasundo ni Tito Jose ay dahil sa ayaw mong magpatalo sa kanya."

"Say anything you want to say," paingos na sagot

niya habang pasulyap-sulyap sa labas ng mansyon. Hindi pa rin nababawasan ang mga guwardya sa labas. “You can’t change my mind. Napagtitiisan ko’yong pagbawalan ako ni Papa sa mga gusto kong gawin paminsan-minsan, pero hindi ang ipakasal niya ako sa kung sinu-sinong lalaki. Hindi siya titigil sa mga ginagawa niyang ito sa akin hangga’t hindi siya nakakarating sa posisyong ina-aspire niya, ang maging presidente ng Pilipinas. I can’t take this anymore. I’m leaving. And this time, it’s forever.”

“Hindi mo kaya!”

“I can and I will.”

“You ran away before, pero pinatawad ka ng papa mo. But I don’t think he could do that again if you leave him in shame for the second time.”

“This is my life. But you have a point, Amanda. Mahirap na para kay Papa ang patawarin ako sa gagawin kong ito. Baka sa desperation niya ay magawa na niyang ipa-rape ako sa susunod na lalaking magugustuhan niya para sa akin para pumayag akong pakasal sa taong iyon. God, I’m only twenty-five para mag-suffer nang ganito!”

“Please don’t leave, Kyla. Hindi mo ba naisip na pangalawang beses na ring mauudlot ang pagiging

maid of honor ko?”

“Hindi ka pa kasi nalalagay sa sitwasyon ko kaya hindi mo ako naiintindihan. Sa tuwing darating ang araw ng kasal ko, wala akong nararamdamang excitement at kaligayahan, pulos takot at lungkot.”

“Bahala ka na kung ano ang gusto mong gawin.” Napabuntong-hininga ang dalaga. “Kunsabagay, excited lang akong maging maid of honor kaya natutuwa ako’t ikakasal ka na ulit. Pero kung magiging malungkot ka naman sa papasukin mong buhay, mas maganda na nga siguro iyong magpakalayu-layo ka muna sa papa mo.”

“Thanks, Amanda.”

“Saan ka pupunta pag umalis ka ngayon?”

“Honestly, I don’t know,” tuluyan nang napaiyak na turan niya.

May ilang sandali itong nag-isip bago muling nagsalita. “Hindi ko mapapatawad ang sarili ko pag may nangyaring masama sa ’yo sa pangungunsinti kong ito, pero kung hindi naman kita tutulungan ay baka lalo ka lang mapahamak.”

“A-are you going to help me now?”

“Do something to escape. Hihintayin kita sa gate

ng subdivision n'yo.”

“Give me four hours. Maraming bantay sa ibaba and I'm sure hindi ako kaagad makakatakas.”

“All right. I'll be there at twelve.”

“Thanks!” Iyon lang at pinindot na niya ang ‘end’ button ng cellphone.

Eksaktong alas doce ng gabi nang magdesisyon si Kyla na lumabas na ng kuwarto. Lumapit siya sa silid ng mga magulang at pinakiramdaman ang mga ito. Tahimik na tahimik sa loob.

Bitbit ang dalawang bags, bumaba siya ng bahay. Kabisado niyang wala nang tao sa living room dahil nasa kitchen na ang mga katulong kapag ganoong oras. Pagdating sa front porch ay saka lamang siya naalarma. Gising ang dalawang guwardya sa gate!

Paano ako makakatakas sa mga ito? Nagtago siya sa malalagong halaman sa gilid ng porch. Ilang sandali siyang nanatili roon hanggang sa mapangiti nang may maisip siyang magandang ideya. Dinukot niya sa bag ang kanyang cellphone at susi ng kotse at sinubukan munang gayahin ang boses ng inang si Cecilia bago tumawag sa guardhouse.

“Hello, Bartolome,” sabi niya na kunwa ay natataranta at gayang-gayang tinig ni Cecilia.

“Yes, Ma’am?”

“Paakyat mo rito sa itaas si Isagani at buksan mo ang gate. Naninikip ang dibdib ng sir ninyo!”

“Yes, Ma’am! Yes, Ma’am!”

Nakita niya ang pagtakbo ng isang guwardya patungo sa loob ng mansyon. At habang binubuksan ni Bartolome ang gate ay sinamantala niya ang pagkakataon para makasakay sa kotse na nakaparada sa garahe. Agad niyang pinaandar iyon at nang nakabukas na ang gate ay pinatakbo iyon nang mabilis palabas ng bakuran.

Nagtaka si Bartolome sa hindi inaasahang sasakyan na lumabas. “Kotse ni Señorita Kyla ’yon, ah,” kakamut-kamot sa batok na bulong nito.

Noon sumigaw nang malakas si Isagani matapos malaman na hindi naman si Cecilia ang tumawag. Kasunod nitong humahangos sina Jose at Cecilia. “Bartolome, si Señorita ’yon!”

“Si Señorita ba?”

“Ano pa ang itinutunga-tunganga ninyo!” sigaw ni Jose. “Habulin n’yo na!”

Palibhasa'y mabilis magpatakbo ng sasakyan ay kaagad na nakarating si Kyla sa gate ng subdivision. Ipinarada niya ang sasakyan sa isang tabi bago tumakbo patungo sa nakaparadang sasakyan ni Amanda sa di-kalayuan. Agad namang pinatakbo ng kaibigan ang kotse nito.

Nakalayo na sila roon bago pa nakapagtimbre si Jose sa guardhouse ng subdivision na harangin ang kotse ni Kyla.

“Ba’t hindi mo pa dinala ang kotse mo?” tanong ni Amanda habang tumatakbo ang sasakyang minamaneho nito.

“Makakasagabal lang ’yon sa pagtakas ko. Baka ’yon pa ang maging dahilan para matunton agad ako ni Papa.” Lumingon si Kyla para tiyaking walang nakasunod sa kanila.

Lalo pang binilisan ni Amanda ang pagpapatakbo hanggang sa namalayan na lang ni Kyla na papalabas na sila ng Maynila.

“Alam mo na ba kung saan tayo pupunta?” tanong niya.

Ngumiti ito nang sumulyap sa kanya. “Don’t

worry, you'll be safe now. May bahay kami sa Vigan. You can stay there for as far long as you want to."

"Paano kung matunton ako ni Papa r'on?"

"Think positive. Hindi naman close ang mga magulang natin para malaman ng papa mo na may bahay kami roon. Besides, they travel a lot, and right now ay nasa States sila, so sino pa ang magsusumbong na naroroon ka? Pag nandito naman sila, hindi rin nila hilig magbakasyon sa Vigan because they are very busy."

Ilocano ang mga magulang ni Amanda, pero nang magkanegosyo sa Maynila ay dito na rin nanirahan ang mga ito.

"Walang nakatira sa dating bahay namin doon. Binibisita lang iyon ng dating katulong namin na taga-roon para linisin, kaya nakakapagbakasyon pa rin kami sa Vigan."

"Thanks." Napayakap siya sa babae. "You're a true friend."

"Mga inutil!" nagpupuyos sa galit na sigaw ni Jose. "Ang tatanga ninyo! Hindi ba kayo nahihiya sa nangyari? Natakasan kayo ng isang babae!"

“A-akala ho kasi namin, si Ma’am Cecilia ang tumawag, Congressman,” nakatungong paliwanag ni Bartolome. “Gayang-gaya ho kasi ni Señorita ang boses ni Ma’am.”

Si Cecilia ay tahimik lamang na nakikinig. Kung hindi lang ito nakapagpigil ay baka natawa na ito sa kapilyahan ni Kyla. Kahit kinakabahan din sa di-tiyak na kaligtasan ng anak ay pabor na rin itong hindi matuloy ang kasal. Alam nitong walang pagtingin ang anak kay Walter.

“Cecilia!”

Napakislot ang ginang sa kinauupuan sa matigas na tinig ng asawa. “J-Jose?”

“Tawagan mo ang mga Dominguez ngayon din! Kailangang malaman nila ang nangyari.”

“For heaven’s sake, Jose! It’s one o’clock in the morning. Nasa kasarapan sila ng pagtulog para abalihin. Ipagpabukas na lang natin.”

Tiim-bagang na tumanaw sa labas ng bintana ang congressman. “Kalilimutan kong may anak ako kapag hindi umuwi si Kyla bukas.”

Napalunok si Cecilia sa sinabing iyon ng asawa.

2

Pagkatapos ng anim na oras ay nakarating din sina Kyla at Amanda sa bahay-bakasyunan ng huli sa Vigan, Ilocos Sur. Isa iyong antique house sa gilid ng makitid na kalsada. Ang mga bintana ay yari sa capiz. Sa kabuoan ay masasabing produkto iyon ng isang colonial architecture.

Nakadama siya ng ginhawa nang maramdaman ang malamig na samyo ng hangin. Ilang sandali lamang ay nakaupo na sila sa living room at iniistima ng isang hindi pa naman katandaang babae.

“Kaibigan ho pala kayo ni Ma’am Amanda,” nakangiting sabi ng katiwala na si Metring.

Tumango lang ang dalaga, hindi pa rin ganap na panatag ang loob. Malayo ang nililipad ng kanyang isip. Alas seis na ng umaga at marahil ay halos isinusumpa na siya ng kanyang ama.

“By the way, Kyla,” untag ni Amanda, “hindi nag-i-stay rito si Metring.”

“It’s okay. Kaya ko namang mag-isa.” Ang totoo ay natatakot siyang mag-isa sa bahay na iyon na hindi naman niya kabisado.

“O, pa’no? Kailangan ko nang bumalik ng Manila,” pagkaraa’y paalam ni Amanda. “Si Metring na ang bahala sa ’yo rito.”

“Bakit hindi mo na lang muna ako samahan dito, Amanda?” nakikiusap na tanong niya.

“Hindi puwede. Lalo tayong mabubuko ng papa mo. Tiyak na ang unang gagawin niyon ay ang tawagan ang malalapit mong kaibigan. Pag nalaman niyang hindi ako natulog sa bahay kagabi, magdududa ’yon. Besides, tatawag sina Mommy at Daddy. Lagot na naman ako pag nalaman nilang umalis ako ng bahay. Kailangang makauwi ako kaagad.”

“Dadalawin mo ako rito, ha?” aniya.

“I promise.” Ginagap nito ang palad ni Kyla.

Bakas sa mukha ni Benedict Dominguez ang excitement at kaligayahan nang umagang iyon habang pumapasok sa kanilang mansyon. Kararating lamang niya mula sa Europe at sinundo siya sa airport nina Don Amadeo at Doña Margarita Dominguez.

Hindi inaasahan ni Walter ang pagdating na iyon ng panganay na kapatid kaya laking gulat nito nang mababaan siya sa living room. “Kuya Benedict!”

bulalas nito sabay yakap sa kanya.

“Walter!” excited na sabi naman niya.

“Bakit hindi mo sinabing darating ka ngayon?”

“We wanted to surprise you,” nakangiting sagot ni Benedict. Nang mga sandaling iyon ay nakaupo na sila sa sofa.

“That’s right,” masayang sabad ni Margarita.

“Kaya hindi namin kaagad ipinaalam sa ’yo na susunduin namin ang kuya mo sa airport,” nakangiting dugtong ni Amadeo.

“And you really did surprise me, guys! N’ong huli tayong magkausap sa phone, sinabi mong hindi ka makakarating sa kasal ko dahil busy ka sa business trips mo.”

“I cancelled all of those para sa ’yo,” nakangiting sagot niya, sabay tapik sa balikat ng nakababatang lalaki. “Sa tingin mo ba, papayag akong hindi maka-attend sa wedding ng kaisa-isa kong kapatid? Of course not.”

Sa Milan nakabase si Benedict. As a travelling businessman, nalibot na yata niya ang lahat ng bansa mula nang umalis siya ng Pilipinas six years ago.

“You made me really happy, Kuya.” Nasa mga mata ni Walter ang kaligayahan. “At last, makikilala mo na ang babaeng pakakasalan ko. Sa tagal mo kasi sa Europe, ni isa sa mga naging girlfriends ko ay wala kang nakilala. But this one na pakakasalan ko ngayon ang pinakaiba sa lahat. She’s a politician’s daughter.”

“I’m happy for you, Walter.”

“Yeah, but what happened to your love life? I’m only twenty-six but I am about to get married, while you’re....”

Napabuntong-hininga si Benedict nang malalim, sabay sandal sa backrest ng upuan. “Busy,” napangiting sagot niya at nalantad ang mapuputi at pantay-pantay na ngipin.

Pangahan siya, malamalam tingnan ang mga mata, matangos ang ilong at maninipis ang mga labi. Mas matangkad siya kaysa kay Walter at mas makisig din ang pangangatawan.

“Right,” sang-ayon nito. “But time is running out and you’re not getting any younger.”

“Siguro naman hindi pa mauubos ang mga babae sa mundo.” Natawa siya. “Anyway, tell me more about your fiancée.”

“Yeah, dahil masyado kang busy sa negosyo mo at ako naman ay busy rin sa mga negosyo ni Daddy rito.” Napangiti ito. “Well, she’s a very lovely woman. Funny thing is kailan lang kami nagkakilala.”

“At hindi pa nakakatuntong sa bahay na ito si Kyla,” nakangiting dugtong ni Margarita.

“What?” Nagtatanong ang mga matang tinitigan niya si Walter. “You mean you don’t know each other well? Sigurado ka bang siya na ang gusto mong pakasalan?”

“Believe it or not, it was love at first sight,” natatawang sagot nito. “Basta naramdaman ko na lang na gusto ko siya at mahal ko siya. Magmula nang magkakilala kami ay palagi na akong nasa bahay nila. Her father was always here. Magkasundo ito at si Papa at nangako pa nga si Papa rito na tutulungan ito sa kandidatura sa susunod na eleksyon. Biglaan ang mga pangyayari. Sinabi ko kay Tito Jose na gusto ko ang anak niya and he himself asked me to marry her daughter. So, here we are.”

“Are you sure the girl loves you?”

“Hindi naman siguro papayag si Kyla na magpakasal sa akin kung hindi niya ako mahal, di ba?” Lumawak ang ngiti ni Walter. Pilit nitong

pinaniniwala ang sarili na mahal ito ni Kyla gayong alam nitong walang gusto rito ang dalaga.

May sasabihin sana si Amadeo nang tumunog ang telepono. Ito na rin ang tumayo at sumagot niyon. May ilang sandali ring tumagal ang pakikipag-usap nito bago bumalik sa living room kung saan naghihintay ang mag-iina.

“Bakit parang pinagbagsakan ka ng langit?” takang tanong ni Margarita.

“M-may malaking problema...”

“A-ano’ng problema?” Si Walter. “And about what?”

“S-si Jose ang tumawag. L-lumayas si Kyla. Hindi na matutuloy ang kasal.”

“What!” Halos mabingi ang mag-anak sa lakas ng tinig ni Walter. “She can’t do that to me, Dad!”

“S-she just did, hijo. I’m sorry.”

Ilang sandaling namayani ang katahimikan. Nagulat na lamang ang lahat nang biglang humiyaw nang malakas ang binata kasabay ng pagsuntok nito sa dingding.

“Walter!” awat ni Benedict, tumayo at niyakap

ang kapatid. “It’s okay, it’s okay,” alo niya habang hinahagud-hagod ang likod nito.

“It’s not okay!” hysterical na sigaw nito. “Tatawag ako sa bahay ng mga Dominguez. Binibiro lang nila tayo.”

“Pero si Congressman na ang tumawag,” aniya. “Hindi niya tayo puwedeng biruin nang ganito.”

“No! Kyla can’t do this! She can’t do this to me!”

Nagtatagis ang mga bagang na niyakap na lang ni Benedict ang nagsisisigaw na lalaki.

“Saang lupalop ng Manila puwedeng magtago ang estupidang babaeng iyon?” Halos mapatid ang mga litid sa leeg ni Congressman Jose Laurenciano habang kausap ang mga tauhan nito. Nakita ang kotse ni Kyla sa gate ng subdivision, pero wala na roon ang dalaga.

“Tinawagan ko na ang lahat ng mga kaibigan niya at kamag-anak natin na puwede niyang puntahan, Jose,” sabi ni Cecilia, “pero walang makapagsabi kung nasaan siya.”

Tutop ang noo na nagpalakad-lakad ang congressman sa sala. “Napakalaking kahihiyang

ang ibinigay sa akin ni Kyla! Hindi ko alam kung mapapatawad ko pa siya sa ginawa niyang ito!”

“Wala na tayong magagawa kung ayaw ni Kyla na magpakasal kay Walter,” muling pahayag ng ginang.

“She disobeyed me again, Cecilia!” nanggigigil sa galit na sagot nito. “Respetado at kilala ang pamilya Dominguez para magawa niya ito sa kanila.”

“Noon pa man ay sinabi na sa ’yo ng anak natin na wala siyang pagtingin kay Walter, pero mapilit ka.” Napabuntong-hininga ang babae, sabay tayo at nakahalukipkip na humarap sa bintana. “Hindi ka na nadala sa ginawa niya kay Jake noon.”

“Napatawad ko siya noon, but not this time, Cecilia,” mariing pahayag ni Jose. “Pasalamat siya at walang ginawang masama sa kanya si Jake noon. Nagpasya itong magtungo na lamang sa America para doon kalimutan ang mga nangyari.”

“Dahil alam ni Jake na hindi siya gusto ni Kyla at ikaw lang ang mapilit na makasal silang dalawa.”

Hindi pinansin ni Jose ang sinabi ng asawa. Muli nitong hinarap ang mga tauhan. “Hanapin ninyo si Kyla,” mariing utos nito. “Pag wala rito sa Maynila, galugarin ninyo ang mga probinsya. Hindi ako papayag na hindi ko siya maturuan ng leksyon!”

Tahimik ang gabi sa mansyon ng mga Dominguez. Ang akala ni Benedict ay makakapagpahinga na siya pag-uwi niya ng Pilipinas, pero ngayon ay hindi siya mapakali habang nagpapahangin sa solarium. Katatapos lamang ng matagal na pag-uusap nila ni Walter.

“Siya ang kauna-unahang babaeng minahal ko nang ganito,” naaalala pa niyang kuwento nito na ang tinutukoy ay si Kyla. Nilunod nito ang sarili sa alak kanina, at kahit ano ang gawin niya ay hindi ito mapigil sa pagpapakalasing. *“She’s the most beautiful woman I’ve ever seen—the only woman for me at ang babaeng pakakasalan ko. Yes, it was love at first sight, but God knows how much I love her, Kuya. I’m going to die ngayong wala na siya sa akin. I’m going to die!”* Hindi na nito napigilan ang sariling mapahagulgol sa harap niya.

Naputol ang pag-iisip ni Benedict nang maramdaman ang paglapit ni Margarita. “Hindi ka pa ba magpapahinga, hijo?”

“Mag-iisip lang ako sa kuwarto, Mommy.”

“Inaalala mo na naman ang kapatid mo....”

“Kumusta siya?”

“Nakatulog na siya sa wakas.”

“Kilala ko si Walter at alam kong mahina ang loob niya.” Nakapamulsa ang mga kamay na tumanaw sa malayo ang binata. “Mahihirapan siyang tanggapin ang mga nangyari sa paglipas ng mga araw.”

“I know. But what can we do? Noon pa ay tutol na akong pakasalan ni Walter si Kyla dahil napakaikli pa lang ng panahong pinagsamahan nila. Hindi bumibisita sa bahay na ito si Kyla at sa tingin ko ay hindi pa nila lubos na kilala ang isa’t isa. Napakabilis ng mga pangyayari at nagulat na lang ako nang sabihin ni Walter na magpapakasal na sila. Maligaya ang kapatid mo at hindi na namin nagawang tumutol.”

Napailing ang ginang sa pagkakaalala sa nakalipas. “Sa mga sandaling ito ay hindi pa rin malaman ni Jose kung saan nila hahanapin ang anak nila. What Kyla did was a clear indication na napilitan lamang siyang pumayag na pakasal sa kapatid mo.”

“Tanga siya! Napakabait ni Walter para ganituhin niya.”

“Pangalawang beses na itong ginawa ni Kyla,” kuwento pa ni Margarita. “Anak ng senador ang una niyang tinalikuran sa araw din ng kanilang kasal.

Pagkatapos ng isang buwang pagtatago ay umuwi siya ng bahay at pinatawad siya ni Jose. Ngayon, hindi ko alam kung magagawa pa iyon ng kanyang ama.”

“Hindi siya mapapatawad ng mga taong pinaasa niya, Mama,” mariing sabi ni Benedict. “Kung walang nagtangkang magparusa sa kanya, ako ang gagawa niyon.”

“Hijo, hayaan mo na lamang ang babaeng iyon.” Pinisil ni Margarita ang balikat ng anak. “May trabahokang iniwan sa Milan. Huwag mong pabayaan iyon nang dahil lamang sa kapatid mo.”

“Alam mo kung gaano kami ka-close sa isa’t isa ni Walter, Mama.” Seryoso ang mukha na humarap siya sa ina. “Six years ago ay binigo ako ng isang babaeng minahal ko rito sa Pilipinas. Hindi ako iniwan ni Walter. Ginawa niya ang lahat para makalimutan ko ang babaeng iyon. Hindi ko rin kayang iwan si Walter sa kalagayan niya ngayon. Hindi ako babalik ng Milan hangga’t hindi siya nakakabawi. I’m going to make Kyla Laurenciano pay for making him suffer, Mama.”

“Hijo—”

“Good night, Mama.” Pagkasabi niyon ay tuluy-tuloy na niyang iniwan ang nag-aalalang ina sa

solarium.

Sa mga oras na iyon ay bulag at bingi siya sa anumang paliwanag sa dahilan ni Kyla kung bakit ito umalis. Ang tanging nabuo sa isip ni Benedict ay niloko ni Kyla si Walter at hindi siya papayag na hindi niyon ito pagbayaran.

3

Sanay na sanay na si Amanda na magmaneho nang malayo lalo na kung ang pupuntahan nito ay Vigan na paborito nitong bakasyonan. Lulan ng sariling *Honda City* ay sinubukan nitong bisitahin si Kyla pagkaraan ng isang linggo.

Nakadungaw ang huli sa bintana nang dumating ang kaibigan nang umagang iyon. “Amanda!” excited niyang tawag habang umiibis ang bagong dating mula sa sasakyan nito. Lumabas siya at niyakap ito nang mahigpit. “Mabuti naman at naalala mo pa akong bisitahin dito.”

“Mamamatay ka na ba sa gutom?” natatawa nitong tanong. “May mga dala akong pagkain.”

“Thanks a lot.” Magkaakbay na pumasok sila sa loob ng bahay kaya hindi na nila napansin ang isang old model na *Nissan Sentra* na pumarada sa di-kalayuan. Walang kamalay-malay si Amanda na kanina pa iyon nakabuntot sa kanya.

“Kailan ka uuwi sa inyo?” tanong agad ni Amanda nang makarating sila sa living room. “Hinahanap ka na nila.”

“Alam kong sobra ang galit ni Papa. Hindi ko magagawang basta-basta na lang magpakita sa kanya. Magpapalamig pa ako dito nang ilang buwan.”

“May pera ka pa ba?”

Napabuntong-hininga siya, lumapit sa bintana at malungkot na tumanaw sa malayo. “Noong isang araw ko pa nalaman na suspended na ang credit cards at ATM cards ko. Putol na rin ang linya ng CP ko. Si Papa ang may kagagawan n’on, I’m sure.”

“I’m here to help you,” napangiting sabi nito. “Don’t worry, all right? Kahit alam kong mapapatay ako ng papa mo pag nalaman ito, mas mahalaga ang kapakanan mo kaysa sa galit niya, best friend.”

“Hindi ko alam kung paano magpapasalamat sa ’yo.” Naiiyak na humarap siya rito. “Masyado nang inililigaw ng mataas na ambisyon niya si Papa.”

“Pero hindi habang-panahon ay puwede kang magtago rito. There’s Jake Samaniego na umibig din sa ’yo at iniwan mo. Alam mong hanggang ngayon ay malaki ang galit sa ’yo ng lalaking iyon kahit nasa America na siya. At alam mo ba kung ano ang magagawa ng isang Walter Dominguez?”

“Bahala na,” napabuntong-hiningang sagot ni Kyla. “I wish and I hope na one of these days ay

dumating na ang prinsipal ko para iligtas ako sa kanila.” Napangiti na siya. “Isang araw ay darating din ang lalaking magmamahal sa akin nang totoo at mamahalin ko rin. Isa na seryoso at kaibig-ibig. Malay mo, dito ko pala siya makikilala sa Vigan.”

“Asa ka pa.” Umismid ang kausap. “Sa dami ng qualities na gusto mo sa isang lalaki, mahihirapan kang matagpuan siya sa kahit saang lupalop ng mundo. Walter Dominguez is almost perfect, pero hindi pa rin siya nakapasa sa ’yo.”

“At umaasa kang liligawan ka niya?” Natawa si Kyla. “Why not visit him one of these days? Baka sakaling mapansin din niya ang pagpapa-cute mo.”

“He’s depressed at nagagawa mo pang tumawa.”

“Oy, ipinagtatanggol niya,” tukso niya, sabay kurot sa tagiliran nito. “Tumayo ka kaya sa harap niya para ma-realize niya na napakaganda mo at napakapalad ng lalaking magkakagusto sa ’yo.”

Tinalikuran siya ni Amanda at tuluy-tuloy na itong pumanaog palabas ng bahay.

“Hey, where are you going?” habol ng dalaga, saka lamang tila natauhan na.

“Kukunin ko lang ang pinamili ko sa kotse,”

nagdadabog na sagot nito habang pumapanaog.

“Galit ka ba?”

“Hindi.”

“Talaga, ha?”

Sa di-kalayuan ay umandar na ang kotseng sumusunod kay Amanda kanina.

“Vigan, Ilocos Sur.” Iniabot ni Detective Leonardo Rosales kay Benedict ang address ng bahay na tinutuluyan ni Kyla sa nabanggit na siyudad.

Sa isang condo unit pansamantalang tumira si Benedict para maitago sa pamilya ang mga pinaplano niya. Hindi siya nagkamali sa inupahang detective dahil ilang araw pa lang ay natunton na nito ang pinagtataguan ng dalaga.

“Paano mo nahanap ang babaeng iyon?” seryoso niyang tanong habang nakaupo sa bar stool.

“Sa pag-iimbistiga ko sa mga kakilala ng mga Laurenciano ay nalaman ko na si Amanda Romualdez ang pinakamatalik na kaibigan ni Kyla Laurenciano. Minanmanan ko ang babaeng ito hanggang sa isang araw ay nasundan ko siya sa Vigan. Doon ko na nakita

si Miss Laurenciano.”

“Sigurado ka bang siya nga ang babaeng iyon?”

“Sigurado ako, Sir,” sagot nito. “Kamukhang-kamukha niya ang nasa litratong ibinigay n’yo sa akin.” Natagpuan niya ang larawan ni Kyla sa kuwarto ni Walter.

“Salamat kung gan’on.” Itinala niya ang halaga sa isang blank check at iniabot iyon kay Leonardo.

Muli siyang napag-isa nang makaalis ang detective. Hawak nang mahigpit ang larawan ni Kyla ay inisa-isa niya ang susunod na mga hakbang. Lumayas si Kyla at ang tinutuluyan nito ay pag-aari ng isang kaibigan. Alam niyang hindi maglalaon ay mangangailangan pa ng tulong mula sa ibang tao ang dalaga. Sanay ito sa ginhawa.

Oras na mahirapan ito, natitiyak niyang mapipilitan itong gumawa ng mga bagay na hindi nito dating ginagawa. At iyon ang magandang pagkakataong hihintayin niya. Gagawa siya ng paraan para magkrus ang landas nila ni Kyla. Kapag nangyari iyon, titiyakin niyang mahihirapan ito.

Naudlot lamang ang kanyang pag-iisip nang tumunog ang cellphone niya. Naulinigan niya ang umiiyak na tinig ni Margarita sa kabilang linya.

“Mommy, what’s wrong?” nag-aalala niyang tanong.

“Nasa hospital si Walter,” sagot nito sa pagitan ng mga hikbi. “Nag-attempt siyang mag-suicide.”

Naglaslas ng pulso si Walter habang nakakulong sa bathroom. Mabuti na lamang at agad itong nakita ng isang katulong na maglilinis sana ng silid nito.

Nakahinga lang nang maluwag si Benedict nang sabihin ng doktor na ligtas na sa panganib ang kanyang kapatid, pero ngayon ay malimit naman itong nakatulala habang nakahiga sa hospital bed nito.

“I told you, Mama, hindi magiging madali sa kanya ang mga nangyari,” malungkot niyang sabi habang kausap ang ina sa hospital corridor.

“Isama mo na lang kaya siya sa Italy pag-alis mo, hijo,” suhestyon ng ina. “Baka sakaling doon ay mabilis niyang makalimutan si Kyla.”

“Marami pa akong dapat gawin dito, Mama,” tanggi ni Benedict. “Besides, mas malulungkot siya sa Italy dahil doon ay hindi niya kayo makikita ni Papa.”

“May binabalak ka bang gawin, hijo?”

May ilang sandaling hindi siya nakapagsalita. “Patutunayan ko lang kay Walter na hindi niya dapat pag-aksayahan ng panahon si Kyla Laurenciano,” sa wakas ay mariing sagot ni Benedict. “In the end, magiging katawa-tawa ang babaeng iyon sa harap niya. When that happens, saka lang manunumbalik ang sigla ni Walter.”

“If you’re seeking revenge on behalf of your brother, please don’t, hijo. Hindi mo alam kung ano ang papasukin mo. It could destroy our good reputation. Anak pa rin ni Congressman Laurenciano ang babaeng gusto mong paghigantihan.”

“Ako na ang bahala, Mama.” Humalik siya sa pisngi ng ina bago tumalikod paalis.

“Uwi ka na ba?” pahabol nitong tanong.

“Hihintayin kong makalabas ng ospital si Walter, at pagkatapos ay magbabakasyon ako sa isang tahimik na lugar.”

“Hanggang kailan ka mawawala, hijo?” May pag-aalala pa rin sa tinig ni Margarita.

“Indefinitely.”

Napakagat-labi na lang si Margarita habang hinahabol ng tingin ang panganay na anak.

Isang linggo ang matuling lumipas. Abala si Kyla sa pagkuha ng mga litrato sa garden nang lapitan siya ni Metring.

“M-may sasabihin sana ako, Ma’am Kyla.”

“Ano ’yon, Metring?” tanong niya habang patuloy sa ginagawa.

“Balak ko ho sanang sa inyo na lang magpaalam dahil wala naman si Ma’am Amanda. Mag-uumpisa na ho kasi akong magtrabaho sa *Hacienda Sebastian*. Hindi na ho ako babalik dito.”

Napalunok siya sa narinig. “S-sige, Metring, ako na lang ang magsasabi kay Amanda. Hindi na ba talaga magbabago ang isip mo?”

“Hindi na ho, eh.”

Isang araw makaraang umalis si Metring ay minabuti ni Kyla ang lumabas ng bahay. Kailangan niyang maghanap ng trabaho dahil hindi magtatagal ay mauubos na ang perang dala niya.

Natagpuan niya ang sarili sa *Plaza Burgos* sa bayan. Hindi niya alam kung saan mag-uumpisang maghanap ng mapapasukan kaya naupo muna siya sa isang food stall. Natawag ang kanyang pansin ng

dalawang lalaking nag-uusap sa di-kalayuan habang nakaupo sa bangko.

“Malawak ang *Hacienda Sebastian*,” sabi ng isa. “Bakit kaya naisipang ipagbili ni Don Sebastian ang mga ari-arian nila rito gayong kumikita naman nang malaki ang mga negosyo niya?”

“Mas malaki raw kasi ang negosyo ni Don Sebastian sa Maynila,” sagot ng kausap. “Hindi na niya kayang asikasuhin pa ang mga ari-arian dito dahil wala namang pamilya kaya naisipan na lang na ipagbili kaysa matiawangwang ang mga lupa. ’Yong nakabili naman daw sa *Hacienda Sebastian* ay big-time businessman na taga-Maynila na gustong magkaroon ng properties dito sa Vigan. Ang gulo, ’no? Palibhasa’y hindi nila alam kung saan pa nila dadalhin ang mga pera nila.”

“Nangangailangan yata ng maraming tauhan ang bagong may-ari ng hacienda, eh. Pupunta nga ako bukas para mag-apply.”

Hacienda Sebastian, sa loob-loob ni Kyla. Iyon ang sinabi ni Metring na papasukan nito. Ano kaya kung subukan niyang mamasukan doon? Pagkatapos ng ilang sandaling pag-iisip ay lumapit siya sa dalawang lalaki. “Mawalang-galang na ho,” aniya. “Puwede ko ho bang malaman kung saan ang daan patungong

Hacienda Sebastian?”

Ibinigay naman iyon ng mga ito sa kanya.

Sumakay ng tricycle si Kyla at dinala siya niyon sa tapat mismo ng *Hacienda Sebastian*. “Nand’yan ba si Metring?” tanong niya sa isang trabahador na naglilinis sa harapan ng mansyon.

“Sandali, tatawagin ko,” sagot nito bago tumalikod.

Pagkaraan lamang ng ilang sandali ay humahangos na si Metring patungo sa kanya. “Naku, kayo pala, Ma’am Kyla!” nakangiting saad nito. “May kailangan ho ba kayo?”

“Gusto ko sanang mamasukan dito, Metring.”

“Eh, ano naman ho ang puwede n’yong pasukang trabaho rito?”

“Hindi ba nangangailangan ng personal secretary ang amo mo?”

“Ang mabuti pa, kausapin n’yo na lang siya. Sasabihin kong kaibigan ko kayo.”

Pinapasok siya nito sa loob ng mansyon.

Ituloy Natin Ang
Kahapon

1

Pasado alas cinco na ng hapon nang makarating sina Nicholas, Monty at Jules sa bayan ng Palanas, Masbate. Napili nilang magbakasyon sa lugar na iyon. Maalinsangan na ang panahon, maalikabok pa ang daan habang naglalakbay sila.

Pagkababa sa kakarag-karag na tricycle ay pinagpag ni Nicholas ang namuting maong na pantalon dahil sa kapal ng alikabok na dumikit doon. Iginala niya ang paningin sa kapaligiran. Medyo isolated ang lugar na kanilang binabaan dahil papunta iyon ng kagubatan. Nakita niya ang maraming punong nagkalat sa daan. Nagliliparan ang maliliit na ibon habang humuhuni. Malapit lang sa kinatatayuan nila ang isang burol. Nasa kalagitnaan na ng paglubog ang araw at nagiging makulay na ang langit.

Hinarap niya ang dalawang kaibigan na nag-iinat dahil nangalay sa tagal ng kanilang biyahe. “Alam n’yo na kung bakit tayo pumunta rito, hindi ba?” seryosong sabi ni Nicholas.

Tumango ang mga ito, pagkuwan ay nagpalitan ng tingin at lihim na nagsikuhan.

Isinukbit niya sa balikat ang dalang backpack. “Tara na at baka maligaw pa tayo papunta sa bahay ng lolo mo, Jules.”

Nang tumalikod siya ay nagbulungan ang mga kasama.

“Monty, mukhang talagang tinamaan si Nicholas kay Czarina, ah,” nag-aalalang saad ni Jules habang nakatingin sa pinag-uusapang kaibigan na bagsak-balikat na umakyat sa matarik na burol.

“Oo nga, eh.” Napailing ang kausap nito habang sinusundan din ng tingin ang kaibigang bugnutin. “Masyado siyang nasaktan sa nangyari, Jules. Siyempre, ang tagal niyang inasam na magpapakasal sila ni Czarina, ’tapos biglang nagbago ng isip ’yung babae.”

“Talagang nasaktan siya,” nakangiwing tugon nito. “Nagulat na lang tayo nang malaman nating ang mayabang na si Ernest pala ang pinili ng babaeng iyon.”

Maaliwalas na kaparangan ang sumalubong kay Nicholas pagdating niya sa tuktok ng inakyat na burol. Pero taliwas sa tanawing tumambad sa kanyang paningin, mabigat na mabigat pa rin ang

kalooban niya.

Paulit-ulit niyang sinisi ang humirap niyang katayuan sa buhay kung bakit bigla-biglang umatras ang kasintahang si Czarina sa napagkasunduan nilang kasal. Pinili ng babae ang mayamang binata na si Ernest Santomia.

Nag-iisa siyang anak. Dating may-kaya ang kanyang mga magulang. Sa Marikina ay mayroon silang ilang pagawaan ng sapatos. Nakapag-export na rin sila ng mga produkto sa ibang bansa. Mag-aanim na taong gulang pa lamang si Nicholas nang makilala niya sina Jules at Monty. Naging matalik niyang mga kaibigan ang mga ito sa kabila ng magkakabaligtad nilang pag-uugali; ang maitim na si Jules ay may kahinhinan ang kilos at ang maputla ang balat na si Monty ay brusko.

Masipag at masunurin si Nicholas sa kanyang mga magulang. Pero dahil sa matinding pambababae at pag-iiinom ng ama ay unti-unting nawasak ang pagsasama ng kanilang pamilya.

Pinag-igihan niya ang pag-aaral sa kabila ng pag-iwan ng ama sa kanilang mag-ina. Matalino siya kung kaya nakatapos siya bilang *summa cum laude* sa kursong Business Administration.

Ituloy Natin Ang Kahapon - Vela Mia Conteza

Nakilala niya si Czarina del Rosario, ang unica hija ng isang kilalang haciendero sa Batangas. Minahal niya ito nang lubos pero nalaman niyang hindi sapat ang kanyang pagmamahal at kasipagan para mapasakanya nang tuluyan ang babaeng napusuan. Kailangan din pala ng pera, ng yaman. Nalaman iyon ni Nicholas, nang biglang bumagsak ang negosyong itinayo ng kanyang ama....

“Nicholas, forgive me, pero tama ang sinabi nina Papa at Mama. Wala ka pang napupundar na kahit ano, at ano na lang ang ipapakain mo sa akin kapag mag-asawa na tayo? I love you, but I must be practical. Let’s call it quits,” pagtatapat ni Czarina.

“Pero, Zari, hindi ba masipag naman ako? Tutuparin ko ang pangako ko sa ’yong hindi kita hahayaang maghirap,” nagmamakaawa ang boses na tugon ng binata.

“I know that already, darling, pero kailan pa? Kailan ka pa aangat? Ni wala ka pa palang kapital para sa pinaplano mong bagong negosyo. Hindi ako mabubuhay nang maayos sa kakapiranggot na kinikita ng sapatusan ninyo. Paano naman ako? Nasanay ako sa buhay na marangya. Matitiis mo bang dumanas ako ng kahirapan? Please, set me free, Nicholas. Set me free.”

At dahil sa tindi ng pagmamahal sa babaeng ibig nang lumaya ay pinagbigyan niya ang kahilingan nito.

Napabuntong-hininga si Nicholas. Naibulong niya sa sarili ang ilang kadahilanan na kanyang pinanghinayangan nang lubos. “Kung maibabalik ko lang sana ang panahon. Kung napigilan ko lang si Papa sa kanyang mga bisyo, disin sana’y may-kaya pa rin kami ngayon. Kung umutang na lamang siguro ako sa bangko ng pangkapital para sa pinaplano kong negosyo, mayaman na sana ako. At kung mayamang-mayaman na ako, sana’y ako ang napili ni Czarina at hindi ang hambog na si Ernest!”

Matapos ang mahabang paglalakbay sa kagubatan at pag-akyat ng bundok mula sa maaliwalas na kaparangan ay narating ng magkakaibigan ang malaking kubo na pagmamay-ari ng abuelo ni Jules, si Lolo Imbo.

“Lolo! Yoohoo! Lolo!” mala-latang tunog na tawag ni Jules sa labas ng bakuran.

Tumuloy sila sa loob ng kubo nang walang tumugon.

“Lolo! Lolo Imbo!” muling sigaw ni Jules.

“Wala yatang tao, Jules,” saad ni Nicholas pagkatapos niyang maligid ang kabahayan.

“Ano? Walang tao? Kung gan’un, wala ring pagkain? Nagugutom na ako, ang layo ng nilakbay natin,” maktol ni Monty.

“Engot!” singhal ni Jules dito. “Maraming pagkain dito, ano!” Itinuro nito ang ilang nakahaing pagkain sa gilid ng batalan. “Ayun, o! Alam ni Lolo Imbo na darating tayo ngayon kaya imposibleng hindi niya tayo paghahandaan.”

“Bakit wala siya rito?” tanong ni Nicholas na napaupo sa kawayang bangko. “Gabi na, ah. Hindi ba, sa probinsya, pag ganitong oras ay nasa bahay na ang halos lahat ng tao?”

Humilata si Monty sa katabing kawayang upuan at nagbuntong-hininga, “Oo nga, ano? Hmm... siguro gumimik muna si Lolo.” Tumawa ang lalaki nang tingnan ito nang matalim ni Jules. “Joke lang!”

“Batukan kita d’yan, eh!” asik ng apo ni Lolo Imbo.

Ngumisi ito at napatingin kay Nicholas na tila may sinisipat sa labas ng malaking bintana. “O,” tawag nito, “ano’ng sinisilip mo d’yan sa bintana?”

“Shh!” saway niya. “Jules, halika nga rito.”

Lumapit ito kaagad sa kanya kasunod si Monty.

May itinuro siya sa malayo. “Ano’yung maliwanag na ilaw doon?”

Mabilis na pinalo ni Jules ang daliri niyang tumuturo sa nakita. “Huwag kang tuturo-turo sa kung saan-saan kapag nandito ka sa probinsya namin! Maraming maligno rito at baka manuno ka!” babala nito.

Nangisi si Monty. “Oo, Nicholas, nagsasabi ng totoo si Jules. Talagang maraming katulad niyang maligno rito.”

Akmang babatukan ng huli ang nang-iinis na kaibigan, pero pumagitna si Nicholas. “Ano ba kayong dalawa? Talaga bang hindi na kayo titigil?” Napailing siya at muling tumitig sa labas ng bintana.

Nakimasid ang dalawang kabarkada, nagtataka rin ang mga ito kung bakit may maliwanag na ilaw sa dakong iyon ng kakahuyan.

“Puntahan na lang natin,” mungkahi niya.

Nagkatinginan sina Jules at Monty.

“Okay ka lang ba, Kulas?” tanong ng una sa

kanya. “Gusto mong maengkanto tayo papunta roon?”

“Oo nga, pare,” sabsab ni Monty. “Delikado, baka pag-initan tayo ng masasamang espiritu sa labas.”

Nanatili siyang nakatingin sa malayo. “Baka nap’ano na ang lolo mo, Jules. Hahayaan na lang ba natin siya? O baka naroon siya sa bahay na may maliwanag na ilaw.”

Walang nagawa ang mga kaibigan niyang parang mga aso at pusa kung magbangayan. Sumunod ang mga ito nang lumabas ng kubo si Nicholas.

2

Nakarating sila sa kabilang dako ng kakahuyan kung saan naroon ang ilaw. Nangibabaw sa katahimikan ng gabing iyon ang ilang ungol at pananaghoy na mula sa maliwanag na bahay na gawa sa pawid. May mga taong nakaupo sa paligid ng ilang mesa sa labas; naglalaro ang mga ito ng baraha at mahjong.

“Nicholas, ni hindi natin kilala kung sino ang may-ari ng bahay na iyan, ’tapos gusto mong lapitan natin?” tanong ni Monty, nakatayo sila di-kalayuan sa bahay.

“Huwag kayong mag-alala, ako’ng bahala,” tugon ni Nicholas.

“Mukhang lamay sa patay ito, ah,” puna nito.

“Tiyak nandiyan si Lolo Imbo!” ani Jules.

Nag-umpisang humakbang si Nicholas papalapit sa grupo ng mga kalalakihang nagkakape.

“Mawalang-galang na po,” singit niya. “Nandito ho ba si Lolo Imbo?”

Nagulat ang mga taga-roon nang makita ang mga bagong dating na taga-siyudad. Hindi kaagad

nakaimik ang mga ito.

Lumapit si Jules. “Ako po ’yung apo niya sa tuhod, si Jules,” pakilala nito. “Kanina pa po kami dumating sa kubo niya kaya lang wala siya—”

“Huwag kayong matakot, mga kasama.” Isang uugod-ugod na matandang nakatungkod ang nagsalita.

“Lolo!” sigaw ni Jules nang makilalang abuelo pala nito ang lumabas mula sa bahay na gawa sa pawid. Nagmano ito sa matanda at ipinakilala ang mga kasama.

Tumangu-tango si Lolo Imbo at binalingan ang mga taong nakaupo sa paligid ng mga mesa. “Mga kasama, hindi sila dapat katakutan,” sambit nito.

Nagtataakang nagkatinginan ang tatlong magkakaibigan.

“Taga-Maynila sila at mga kaibigan ng apo ko. Wala silang kinalaman rito,” dugtong ng matanda.

Lalong nagtaka ang mga binata sa narinig mula sa matanda.

“Halikayo, mga apo. Pumasok kayo,” aya ni Lolo Imbo sa magkakabarkada habang nakatuon ang tingin kay Nicholas.

Maliwanag na maliwanag sa silid na pinasukan nila. Tila de-kuryente ang liwanag na inilalabas ng mga sulo na nakasabit sa dingding na humaharap sa isang puting ataul.

Nailang ang tatlong lalaki nang makita ang kabaong. Nakangiwing nagpalitan ng tingin sina Jules at Monty.

Iginiya sila ni Lolo Imbo patungo sa isang mesa na pang-apatang upuan. “Umupo muna kayo, mga apo,” alok nito. Tumalima ang magkakaibigan. “Ah, Jules, sino ba sa dalawang ito ang nabanggit mong may mahalagang itatanong sa akin?”

“Ah, si Nicholas po,” sagot ng apo na itinuro siya.

Nailang ang binata nang makita niyang tinitigan siya nang matagal ni Lolo Imbo. Nabanggit ng kaibigan na kilala ang abuelo nito bilang isang taong may kaalaman sa mga bagay-bagay na hindi naipapaliwanag ng pangkaraniwang tao. Hindi ito isang albularyong nanggagamot, kundi isang guro sa larangan ng kababalaghan. Iyon ang dahilan kung kaya napagkasunduan nilang magkakaibigan na magbakasyon sa Palanas para maitanong na rin niya ang isang bagay na gusto sana niyang maganap sa kanyang buhay.

“Hijo,” saad ng matanda, “sandali lang at maghahanda ako.”

Ngumiti si Nicholas at tumango. Saglit na umalis ang kausap. Sinundan niya ito ng tingin.

Binalingan niya sina Jules at Monty, pero wala sa kinauupuan ang mga ito. Nakita niyang nakatayo sa tapat ng kabaong ang mga kaibigan. Tumayo siya at lumapit sa mga ito saka tumabi kay Jules. Napansin niyang may bahid ng pagtataka ang mga mukha ng dalawa.

“Ano na naman ang problema ninyo? Huwag ninyong sabihing pinagtitripan n’yo ’yung bangkay?” bulong niya sa dalawang lalaki na titig na titig sa salamin ng ataul. Nakikita buhat doon ang ulo ng patay na natatakpan ng puting tela na gawa sa lace.

“Nagtataka lang kami kung sino kaya ’yung nasa loob ng kabaong,” sagot ni Monty na sumulyap sa kanya. “Sabi ng mga tao rito kanina, ’yung pinakamagandang dalaga raw sa buong Masbate ang nakahiga d’yan.”

“Oo nga, pare,” sang-ayon ni Jules. “Sayang lang at nakatakip ang mukha.”

Nakisilip si Nicholas sa salamin ng kabaong. Nang mapadako ang kanyang mga mata sa nakataas

na cover niyon ay nagtatakang pinagmasdan niya ang alahas na nakasabit. Isa iyong gintong kuwintas na may palawit na diamanteng hugis-puso.

“Siguro sa kanya ’yang necklace,” mahinang sabi niya.

“Malamang,” ani Jules. “Pero ang pinagtataka ko lang, bakit nila tinatakpan ng lace ’yung mukha niya?”

“Hindi kaya naaksidente siya at nasira ang mukha kaya tinakpan?” turan ni Monty.

“Siguro.” Hindi na rin niya napigilang silipin sa maliliit na butas ng tela ang mukha ng babaeng nasa loob ng ataul. Na-curious siya kung ano ang hitsura nito.

Pagkaraan ng ilang saglit ay bumalik na si Lolo Imbo. Makahulugan ang tingin nito nang makitang nasa tabi ng kabaong ang magkakaibigan.

“Tayo na sa kubo ko,” pahayag nito.

Ang panaka-nakang pag-alulong ng mga aso sa paligid ang bumasag sa katahimikan ng bahay ni Lolo Imbo. Patapos na silang kumain ng hapunan.

Tiningnan ng matanda si Nicholas habang tahimik na sinusubo ang huling kutsara ng kanin.

“Hijo,” panimula nito, “gaano ba kahalaga ang gusto mong itanong sa akin at kailangan mo pang maglakbay nang malayo para lang makakuha ng kasagutan?”

Uminom muna siya ng tubig bago sumagot. “Lolo, posible bang... posible bang....” Natigilan siya. Hindi kaya nababaliw na siya para itanong ang posibilidad ng isang bagay na hinirang bilang ilusyon lamang ng mga taong nasa tamang pag-iisip?

“Hijo, lahat ay posible. Ang tanging humahadlang lamang ay ang pag-iisip ng taong hindi naniniwala.” Hinawakan siya nito sa balikat. “Halika, Nicholas. Doon tayo sa labas.”

Malamig at malinis na simoy ng hangin ang sumalubong sa kanila. Bahagyang nawala ang paninikip sa dibdib ni Nicholas na dulot ng kanyang kabiguan kay Czarina.

Nagsimula siya. “Lolo, posible bang maglakbay ang isang tao, na tulad ko, sa ibang panahon? ’Yun bang, kunwari, babalik ako sa nakalipas ko?”

Huminga nang malalim ang kausap. Tumingin ito sa mga talang nagniningning sa langit. “Bakit, hijo?

May gusto ka bang balikan at baguhin sa buhay mo?”

Napayuko siya. Lumungkot ang kanyang mukha at maingat na tumugon. “Opo. Meron ho.”

“Posible ang itinanong mo, Nicholas. Maaaring sa mga madudunong ay isang suntok lamang sa kalangitan ang pagbalik sa panahon, pero sa aking kaalaman at sa aking mga nakita na ay posible ito. Ang mahirap lamang ay...” Napahinto ang matanda.

“Ano po ang mahirap, Lolo Imbo?” habol niya.

“Ang halos lahat ng umalis sa kasalukuyan para baguhin ang nakaraan ay hindi nagtatagumpay.”

Nangunot ang noo ni Nicholas.

Nagpatuloy ang abuelo ni Jules, “Hijo, ang mga nakausap kong naglakbay sa ibang panahon ay bumalik nang sawi. Sawi sa puso at kung minsan ay sawi sa buhay, na siyang naging dahilan ng kanilang kamatayan.” Lumakad ito palapit sa isang puno at umupo sa nakabalangrang kahoy roon. Sumunod siya at tumabi rito.

“Ang inakala nilang mas makabubuting paraan para mabago nila ang isang sitwasyong mahirap ay hindi pala nakabuti. Hindi nila alam na ang bawat bagay na mababago nila sa nakaraan ay

may katumbas na pagbawi sa babalikan pa nilang panahon,” mahinahong dugtong nito.

Nagbigay man ng babala ang matanda ay tila hindi tinalaban ng takot ang binata.

Tinitigan siya nito. “Hijo, sa tuwing may bumabalik sa panahon at may nasimulan na itong baguhin sa mga pangyayari sa nakaraan, pati na rin ang katayuan at pamumuhay ng mga tao sa kanyang paligid ay naapektuhan at nababago.”

Halos hindi niya maintindihan ang ibig tukuyin ni Lolo Imbo. Ang nangibabaw sa kanyang puso ngayon ay ang kagalakang posible pa palang makabalik siya sa nakaraan para mabago ang kasalukuyang katayuan niya sa buhay.

“Lolo, turuan ninyo po akong makabalik sa nakaraan,” pakiusap ni Nicholas.

Napatitig sa kanya nang matagal ang matanda, pagkuwan ay napailing ito. “Oo, hijo, matuturuan kita sa nais mo, pero tandaan mo, hindi iyan ang garantiya para makamit mo ang kaligayahang inaakala mong makakamit mo.” Hinawakan siya nito sa balikat. “Hijo, tandaan mo, maaari mong baguhin ang halos lahat sa iyong paglakbay pabalik, pero kung ano ang nakatakda ay nakatakda na,” pahayag ng kausap. “At

Ituloy Natin Ang Kahapon - Vela Mia Conteza

ito ang pinakamahalaga sa lahat. Kapag nakabalik ka na nang minsan at may nabago ka na sa nakalipas na iyong pinuntahan, hindi ka na makakabalik pang muli sa ikalawang ulit para ibalik sa orihinal na pangyayari ang panahong nabago mo na.”

“Ano’ng ibig ninyong sabihin?” naguguluhang tanong ng binata.

Sa halip na sumagot, pumasok sa kubo si Lolo Imbo.

3

Tulad ng inihabiling kondisyon ni Lolo Imbo para matagumpay na maisagawa ni Nicholas ang paglalakbay pabalik sa nakaraan ay hindi siya kumain ng anumang laman ng hayop sa loob ng dalawang araw. Mahigpit niyang sinunod ang iba pang utos tulad ng pag-aayuno sa ikatlong araw bago niya tunguhing mag-isa ang looban ng isang kuweba sa ibaba ng burol na nasa kabilang isla ng Palanas. Hindi rin siya nakikipag-usap sa mga kaibigan, kahit sa hayop man, bilang pagsunod.

Mahigpit na ipinagbilin ng matandang guro na mahalagang matandaan ni Nicholas ang eksaktong petsa, oras at pook kung saan niya gustong bumalik, dahil kung hindi, tiyak na maliligaw ang kanyang kaluluwa. Hindi na ito makakabalik pang muli sa kasalukuyan maliban na lamang kung may isa pang kaluluwang susundo sa kanya sa eksaktong oras at panahon kung saan siya nawala.

Nang dumating ang ikatlong araw, na nagtugma naman sa kabilugan ng buwan, ay handang-handa na ang kaluluwa niya sa paglakbay. Buo na ang kanyang loob na iwan ang ikadalawampu't tatlong araw ng

Ituloy Natin Ang Kahapon - Vela Mia Conteza

Abril, taong 2002, limang araw mula nang siya ay makarating sa Palanas, Masbate.

Kabadong humiga si Nicholas sa ibabaw ng puting bato na nasa gitna ng yungib. Hubo't hubad siya at wala siyang hawak, ni isang kapisasong bato man lang.

“March 17, 1998... 10:00 a.m... nasa *Almerque Hotel* ako sa Makati,” paulit-ulit niyang sabi sa sarili habang nakapikit. “Naroon ako, nand'on ako. Nandoon ako sa *Almerque Hotel* sa Makati, alas diez ng umaga, March 17, 1998.”

Halos tatlong oras na ang nakakaraan mula nang simulan niya ang walang-sawang pagsambit sa mga salitang iyon. Ngunit nang magmulat siya ng mga mata ay nanghina nang husto ang kanyang katawan at puso. Naroon pa rin siya sa madilim at malamig na yungib na iyon.

Napaupo siya. “Damn!” bulalas niya nang makitang bigo siya. “Bakit walang nangyayari? Bakit nandito pa rin ako?”

Nagmamadali siyang tumayo pero nasadlak siya sa mabatong sahigan. Napasuntok siya sa puting bato at sumigaw, “Bakit? Saan ako nagkamali? Hindi! Hindi puwede ito! Kailangang makabalik ako!”

Bagsak-balikat siyang umupo sa ibabaw ng batong malapad. Ipinatong niya ang isang braso sa kanyang noo na tila nilalagnat at mangiyak-ngiyak, binalikan niya sa isip ang masasakit na salitang binitawan ni Czarina sa huli nilang pagkikita

Mayamaya pa'y pinuno niya ng hangin ang kanyang dibdib at dali-daling inihiga ang kanyang pagal na pagal nang katawan. Sa pagpikit ng kanyang mga mata ay inalala niya ang nang-aakit na mukha ni Czarina.

“Kailangan kong makabalik. Kailangan kong makabalik sa *Almerque Hotel, Makati... 10:00 a.m. March—*” Napahinto siya. *Si Czarina... si Czarina at ang kanyang pang-iinsulto sa pagmamahal ko ang dahilan kung bakit ako dapat bumalik, sabi niya sa isip.*

Bumuwelo siya at ipinatong ang kanyang mga kamay sa ibabaw ng kanyang matipunong dibdib. Sa kanyang isipan ay nagsalita siya, *Kailangang makabalik ako sa taong 1998, sa araw ng March 17... Almerque Hotel, Makati... 10:00 a.m... Kailangan... kailangan....*

Sa tindi ng gutom at pagod na sinabayan ng panlalamig ay dahan-dahang dumausdos ang isipan at katawan ni Nicholas sa isang malalim na pagtulog

na hindi niya naranasan kahit minsan man sa kanyang tatlumpu't dalawang taon sa mundong ito.

Alas seis na ng hapon, pero hindi pa rin bihis si Denise Ruiz para sa graduation ball na gaganapin sa gabing iyon. Katatapos lamang niya sa kursong Hotel and Restaurant Management at sa isang kilalang hotel sa Makati ang napili ng batch nila para pagdarausan ng malaking selebrasyon.

Bahagyang bumukas ang pinto ng hotel room na kinuha ng magulang ni Meg, ang matalik niyang kaibigan na kasabay niyang nagtapos, para sa kanilang dalawa.

“Huy! Ano ka ba? Hindi ka pa ba lalabas?” inip na tanong ni Meg habang nakasilip ito sa nakaawang na pinto.

“Sige na, mauna ka na kasi, Meg!” sagot niya. Nakatapis pa siya at puno ng sangkatutak na rollers ang buhok.

“Bakit ba kasi ang tagal-tagal mo diyan, ha? You're missing the fun! Nasa lobby na ang lahat ng classmates natin, ano!” kulit nito.

Tumayo si Denise mula sa kinahihigaang

loveseat at lumapit sa nakabukas na pinto kung saan nakasungaw ang ulo ng kaibigan. “Meg, tingnan mo naman itong hitsura ko,” turo niya sa sine-set niyang buhok. “Sa tingin mo, makakalabas ako?”

“Ang bagal-bagal mo kasing mag-ayos!” angal nitong napakamot sa ulong ayos na ayos na ang buhok. “Look at me! I’m made up and ready.” Iminuwestra pa nito ang sarili. “Ikaw talaga, plano mo yatang mahulog sa bitag mo ngayong gabi ang buong HRM guys natin sa tindi ng pagpapaganda mo, eh!”

Napangisi siya.

“Ikaw talaga, Meg, oo. Alam mo namang maganda na ako at kahit na hindi ako mag-ayos—”

Kaagad itong sumingit habang nakatirik ang mga mata at nakangiwi. “Ay talagang habulin ka ng guys. Oo na, sige na. ‘Sabagay, bulag o bobo lang ang hindi malalaglag sa kamandag mo.’”

“Tinitimpla ko pa kasi sa shower ‘yung temperature ng tubig. Promise, pagkatapos kong mag-shower at mag-ayos, susunod na ako.” Ngumiti siya sa iirap-irap na kaharap.

“O, sige na nga! Basta dalian mo, ha!” Isinara ni Meg at pinto at nagmamadaling umalis.

Natawa na lang siya.

Maagang naulila sa mga magulang si Denise. Bilang nag-iisang apo, doon na siya namalagi sa lalawigan ng kanyang lolo at lola. Lumuwas na lamang siya sa Maynila nang siya ay mag-aaral na sa kolehiyo.

Mula nang lisanin niya ang kinalakhang lalawigan ay lagi niyang dala sa kanyang puso ang isang malaking pangarap para sa matatanda. Dahil sa laki ng kanyang pagmamahal at respeto para sa mga ito, nangako siyang sa pagtanda ng mag-asawa ay mabibigyan niya ng mas maayos na buhay ang mga ito kaysa sa kung ano ang mayroon sila ngayon.

“Sana, nandito sina Lolo at Lola,” bulong niya sa sarili habang pinagmasdan ang kabuuan ng first-class na silid. “Sana, kasama ko sila ngayon sa magarang kuwartong ito na may air-con, malalambot na higaan at wall to wall carpet.” Pagkatapos mapabuntong-hininga ay tumayo siya.

Tinungo ni Denise ang nakaligtaang tinitimplang tubig sa shower. Nang buksan niya ang pinto ng comfort room ay sumalubong sa kanya ang makapal at maputing usok na may kakambal na malakas na buhos ng nagngangalit na tubig.

“Oh, no! Masyado na yatang mainit ‘yung tubig!” bulalas niya habang nangangapa sa loob ng banyo papunta sa shower.

Kailangan niyang maisara ang shower. Sa kanyang pangangapa ay nasalat niya sa kanyang paa ang isang malamig, makinis at madulas na bagay. Inakala niyang iyon marahil ang shower bed na tuntungan sa loob ng paliguan kung kaya iyon ang tinapakan niya.

Nang makatapak na ang pangalawa niyang paa ay napatili siya nang maramdamang gumalaw ang kanyang tinatapakan. Nawala siya sa balanse kung kaya nabitawan niya ang hawak na tuwalya na sumapin sa kanyang katawan.

“Earthquake!” sigaw niya habang pilit na kinapit ang kanyang mga paa sa umaarkong tinatapakan. “Naku, Lord, please! Ayaw ko pang mamatay!”

Bahagya siyang nakarinig ng ungol. Malakas pa rin ang buhos ng shower sa sahig kaya hindi niya matiyak kung ano iyon.

Basang-basa na ang kanyang katawan sa tubig habang kinakapa ng mga kamay sa malabong paligid ang pihitan ng shower.

Mayamaya pa’y muling gumalaw ang tinatapakan

niya.

Muli siyang nagsisisigaw hanggang sa madulas siya. Padapa siyang bumagsak sa sahig ng paliguan.

Nang magtaas siya ng mukha mula sa pinagsubsuban ay hindi pa rin siya tumigil sa pagtili. “Aswang! Kapre! Maligno!”

Hindi malaman ni Denise kung ano ang mararamdaman nang bumulaga sa kanyang harapan ang mukha ng isang lalaki na biglang napadilat sa lakas ng kanyang sigaw. Namumula ang mga mata nito, maputla at hubad ang makisig na pangangatawan.

“Lumayo ka! Lumayo ka!” Pinagsisisipa niya ang nakadapang katawan ng estranghero na hindi niya masyadong maaninag dahil sa pinaghalong buhos ng tubig at usok. “Layuan mo ako! Impakto! Impakto ka!” mangiyak-ngiyak niyang sigaw. Bigla siyang nawalan ng ulirat nang maramdaman niyang hinawakan ng nanlalamig nitong kamay ang isa niyang paa.

Mag-a-alas-siete na ng gabi nang magkamalay si Denise. Papungas-pungas na inabot niya ang orasan sa tabi ng hinihigaan niyang kama.

“Seven na, ah. Ano ang...?” Nagtaka siya at

iginala ang mga mata sa kanyang paligid. Naroon pa rin siya sa loob ng kanyang silid sa mamahaling hotel. Napatingin sa kanyang katawan; nakatapis iyon ng mamasa-masang tuwalya at nakukumutan ng makapal na blanket.

Isang payak na ngiti ang sumilay sa kanyang mga labi. “Nakatulog ako.” Naalala niya ang inakala niyang napanaginipan kanina. “What a spooky dream! A monster in the bathroom, huh!” Nangilabot siya. Nang maalala ang graduation ball ay nagmamadali siyang bumangon para maligo.

Kakanta-kanta pa ang nakangiting dalaga nang bigla siyang matuod sa kinatatayuan pagpasok niya ng bathroom.

“Miss, please... huwag kang sumigaw. Huwag... huwag kang matakot,” pakiusap ng lalaking tumambad sa kanyang paningin. Nakatapis ang ibabang bahagi ng katawan nito ng isang tuwalyang nakilala ni Denise bilang kanya.

Sinubukan niyang sumigaw pero sa tindi ng hilakbot ay walang tinig na lumabas mula sa kanyang mga labi. It wasn't a dream! Hindi pala isang panaginip ang nangyari sa banyo bago siya mawalan ng malay-tao. Nanlalaki ang kanyang mga matang nakatingin lang sa estranghero. Awang ang bibig na

hindi siya makapaniwala sa nakikita.

Ang impaktong nasa harapan niya ay pogi at macho!

“Miss...” Iniabot nito ang isang nangangatal na kamay sa nangingilag na dalaga. “Please help me...”

Lalo siyang napanganga, mas nanlaki pa ang kanyang mga mata. Halu-halo ang mga damdaming nagsasalimbayan sa kanyang dibdib. *Nagsasalita ng English ang impaktong ito? Diyos ko!*

“Help me, please? Please...” nanghihinang sumamo ng lalaki. Walang anu-ano ay bigla itong nawalan ng malay-tao at bumagsak sa kanyang paanan.